

Learning Activity Sheet
sa FILIPINO
Kuwartar 4- Linggo 6- MELC 12&13
ANG PAGTAKAS NINA DON JUAN AT DONYA
MARIA HANGGANG SA PAGWAWAKAS
Saknong 1286- 1712



REHIYON VI- KANLURANG VISAYAS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

FILIPINO 7

Learning Activity Sheet (LAS) Week 6 MELC 10&11

Ang Pagtakas nina Don Juan at Donya Maria Hanggang sa Pagwawakas

Inilimbag sa Pilipinas
Ng Kagawaran ng Edukasyon,
Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **Batas Republika 8293, seksiyon 176** na “Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng gawain kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang **Filipino 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas,

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas.

Bumuo sa Pagsusulat ng Learning Activity Sheet – Filipino 7

Mga Manunulat: Lujie Grace N. Abria
Editor: Gerryl The A. Jaena
Tagasuri: Grace J. Fuentes, Gerryl The A. Jaena
Tagaguhit:
Tagalapat: Charmly C. Ahunin, Mara Jamaica B. Floreno

Division of CADIZ CITY Management Team:

Ma. Lorlinie M. Ortillo
Julito L. Felicano
May P. Pascual
Gerryl The A. Jaena
Rona F. de la Torre
Mara Jamaica B. Floreno

Regional Management Team:

Ramir B. Uytico
Pedro T. Escobarte, Jr.
Elena P. Gonzaga
Donald T. Genine
Celestino Dalumpines

Pambungad na Mensahe

MABUHAY!

Ang **Filipino 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulongan ng Dibisyon ng Lungsod ng Cadiz sa ng Kagawaran ng Edukasyon, Region 6 – Kanlurang Visayas sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Division (CLMD). Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng **LAS** na ito na gabayan ang ating mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

Para sa mga learning facilitator:

Ang **Filipino 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

Bilang mga learning facilitator, siguraduhing naging malinaw ang mga panuto sa mga gawaing iniatas sa kanila. Inaasahan din na patuloy nating masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral (learner's progress).

Para sa mga mag-aaral:

Ang **Filipino 7 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit na wala ka ngayon sa iyong paaralan. Pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto ng bawat gawain.

Learning Activity Sheet 6

Pangalan ng Mag-aaral: _____ Taon at Pangkat: _____
Petsa: _____

LEARNING ACTIVITY SHEET

Ang Pagtakas nina Don Juan at Donya Maria hanggang sa Pagwawakas

I. KASANAYANG PAMPAGKATUTO AT KODA

- Nagagamit ang angkop na mga salita at simbolo sa pagsulat ng iskrip. (F7PT-IVc-d-23)
- Nagagamit ang mga salita at pangungusap nang may kaisahan at pagkakaugnay-ugnay sa mabubuong iskrip. (F7WG-IVj-23)

II. PANIMULA

ANG PAGTAKAS NINA DON JUAN AT DONYA MARIA SAKNONG 1286-1381

1286 Dati-rati kung dumalaw Ang Prinsipe'y ayaw iwan, inaaliw kung may lumbay at kay tamis ng suyuan.	1292 Ang umaga ay bumati kay Don Juang nagwawari, makailan pang sandali nagpasundo na ang hari.	1298 Ang kalihim, kasangguni, Kamag-anak nitong hari, Naroroong nakalimpi't kay Don Jua'y nakangiti.
1287 Maghinampo'y di magawang prinsipeng namamangha, alam niya't di kailang sa prinsesa siya'y mutya.	1293 "Bati ko sa kamahalan," ang pahayag ng utusan, sa palasyo'y hinihintay ng magandang kapalaran.	1299 Takang-taka si Don Juan sa kanya nang namasdan, hari ay may karamdaman bagama't may kasayahan.
1288 Kaya ba naipalagay na baka ang amang mahal, mabigat ang karamdama't dapat niyang alagaan.	1294 "Bili't bilin po ng Hari kayo sana ay magdumali, pagkat bago mananghali'y gagawin na ang pagpili."	1300 Hiwaga ng mga taong hindi niya mapagsino, maging anupaman ito naroon na'y managano.
1289 Katuwaan nama'y ire: ano kayang pangyayari't sa palasyo'y minabuting pumanhik na ang prinsipe?	1295 "Pagpili, pagpiling ano?" "Aywan ko po, maginoo." "Binibiro yata ako?" "Hindi po't siyang totoo."	1301 "Haring makapangyarihan" unang bati ni Don Juan, "Handog ko po'y paggalang, sa utos ay nakalaan."
1290 Himala ng kapalaran sa isa ngang naghihintay, diyata't ang kapaita'y tatamis na't lilinamnam?	1296 Humayo na ang dalawa sa lakad ay patakbo pa ibong lumilipad tila ang nais ay sumapit na	1302 Tugon ng hari'y ganito: "Paumanhin ang hingi ko sa pagtanggap ko sa iyong pagtanggap di maginoo.
1291 Mahirap nating matiyak ang ibabalita bukas, anuman ang nasa hagap ipaghintay ng liwanag.	1297 Sa palasyo ay dinatnang daming taong naghihintay, naroon ang karamihan ng sa haring mga kawal	1303 "Ako ngayon, O Don Juan, may bahagyang karamdamn, masasakit ang katawan, ulo ko'y may kabigatan.

1304
"Gayunpama'y ninais kong
magkapulong ngayon tayo
akong may utang sa iyo'y
makaganti kahit pa'no.
1305
"Kawalang utang-na-loob
sa sarili kung malimot
itong iyong paglilingkod
na matapat nama't lubos.
1306
"Kaya naman naririto't
nakahanda ang handog ko,
buksan ngayon ang dibdib mo't
ang pagpili'y nasa iyo."
1307
Hari'y agad na nagtindig
sa kanayang pagkahilig,
si Don Juan ay kinawit
humarap sa tatlong silid.
1308
Tatlong silid ay may butas
sa pintua'y namamalas,
naroroon ang tatlong anak
mga talang sakdal-dilag.
1309
Sa butas ang nakalitaw
mga hintuturo lamang
upang hindi mahulaan
sa tatlo ang mahihirang.
1310
Gayunpama'y natalo rin
ang hari sa kanyang lihim,
si Don Juan ay magaling
tumiyak sa pipiliin.
1311
Una't pangalawang silid
nilampasang walang imik,
sa pangatlo nang tumitig
natiyak ang kanyang ibig.
1312
Hintuturo nakasuot,
pinigilng buong lugod,
"Mahal na Hari,"ang luhog,
"narito ang ing irog."
1313
Hindi na binitiwang
habang hindi binubuksan,
nabunyag sa kalahatan
ang prinsesang minamahal.

1314
Hari'y hindi makahuma
dala ay parang napatda,
mahal pa naman sa kanya
ang ngayo'y mawawalay na.
1315
Walang daan na bawiin
kung mayroon ay gagawin
hindi niya akalaing
madaig sa kanyang lihim.
1316
Ngunit yamang naroon na
ang sarili ay magbata,
ang anak na sinisinta,
kay Don Jua'y pinasama.
1317
Ang magkasi'y nagpaalam
ang palasyo'y iniwan,
ngunit nagugunam-gunam,
ang ama ring nagdaramdam
1318
Samantala, itong hari
na naiwang may pighati,
sa isip ay yumayari
ng pakanang winawari.
1319
Lihim niyang binabalak
Ang prinsipe'y mahikayat
palayain agad-agad,
sa Inglatera malagak.
1320
Sa piling din ng magulang
ang prinsesa'y maiiwan,
sa hari ay isang subyang
sa prinsipe ay makasal.
1321
Hari ay mayroong isang
kapatid sa Inglatera,
bata pa rin at maganda
kay Don Juan ay bagay na.
1322
Kung sila'y magkaibigan
dito siya ipakasal,
matamis sa kaloobang
tangkilikin habambuhay.
1323
At sakaling sa kapatid
ang prinsipe'y di maibig,
ang inipon-ipong galit,
ay mag-aapoy sa lupit.

1324
Handa niyang ipapatay
ang prinsipeng si Don Juan,
maging ito'y kasalanan
at laban sa karangalan.
1325
Lumagda ng isang sulat,
lihim ito't may kamandag,
kung lihim man ay nabunyag
sa prinsesang nagmamatyag.
1326
"O, si Ama!" ang nawikang
buong lungkot at naluha,
"Bakit siya gayon kaya,
sa anak ay walang awa?
1327
"Di ba niya nalalamang
ang prinsipe'y aking mahal?
Kung ito ba'y pagtaksilan,
di ba ako ang pinatay?"
1328
" O, Magulang! O, Pag-ibig!
Aling daan ang matuwid?
Ilaw ninyo yaring nais
sa nadirimlan kong isip."
1329
Tumugon ang kanyang puso:
"Kapwa sila may pagsuyo,
igalang ang iyong dugo
magtapat ka sa pangako."
1330
Diwa niya'y nagliwanag
nakita ang isang landas,
ang sila'y agad tumakas
nang sa banta ay maligtas.
1331
Tinawag na si Don Juan:
Tayo ngayo'y magtatanan
kunin mo nga sa talian
nang sa bala ay maligtas.
1332
"Yaong pinakamagaling
sa pagtakbo ay matulin
akin namang babalutin
ang lahat ng babaunin.
1333
Bilangin mo ang pintuan
ikapito ay tandaan,
naroon ang kailangang
sa pag-alis ay sasakyan.

1334

“Ngayon di’y aalis tayo’t sa Berbanya patutungo, magpaumat-umat dito masama na sa haka ko.

1335

“Yari na sa aking amang dalhin ka sa Inglatera, naroon ang aking tiya pakakasal ka sa kanya.

1336

“Malamang kung matuloy kung di kayo magkaayon: O ikaw ay ipatapon o patayin ka na roon!”

1337

Nanaog na si Don Juan upang kunin ang sasakyan ngunit hindi natandaan ang kabayong kailangan.

1338

Ang nakuha’y ikawalo sa halip na ikapito, ang sisiha’y di gaano nang makita ang kabayo.

1339

Sa magalit at matuwa ano pa ang magagawa? Tanggapin na ang di tama bagaman di siyang nasa.

1340

Tumakas na ang magkasi sigla’t tuwa’y nakasindi, sa takbong pinagbuti mapagitna, mapatabi.

1341

Nakaalis man nga silang kaharian ay tuloy pa, nang mapansin kapagdaka ay humabol ang monarka.

1342

Habulan nang makitakbo, kaharian ay nagulo, hari’y di magkantututo ng utos sa mga tao.

1343

Ang kabayong sinakyan tulin ay walang kapantay, ang magkasi’y aabutan sa labas ng kaharian.

1344

At noon nagsalita ang prinsesa na namutla: “Don Juan, ay! tingnan mo nga, ang pamali mong nagawa!

1345

“Tayo ngayo’y aabutan ng haring may kagalitan, paanong maiiwasan ang parusang ipapataw?

1346

“Kundangan ay nilimot mong kunin yaong ikapito, pagmalasin kung tumakbo ang tulin ay ipo-ipo!”

1347

Ang hari ay malapit na’t madarakip na nga sila, ang ginawa ng prinsesa pinairal ang mahika.

1348

Naglaglag na ng karayom at noon din ay nakulong itong haring humahabol ng tinik na bunton-bunton.

1349

Pawang bakal yaong tinik matatalim at matulis ang daraan pag nagpilit hahangga sa pagkaamis.

1350

Lumunsad na itong Hari’t ang kabayo’y tinali, dalawang araw na hinawi ang sa kanya ay sasawi.

1351

Sa tagal ng paghahawan ay dalawang legwas lamang ang natakbo ng nagtanan malapit di’t aabutan.

1352

Ang haring galit na galit sa paghabol ay nagpilit, nang pumiling mapalapit lalong dusa niya’t sakit.

1353

Inihulog ng prinsesa sa lupa ang sabon niya, daang patag at maganda sa hari ay naging sangga.

1354

Daang kanyang daraanan biglang-biglang natabunan ng sabong sa kataasan bundok na di matawaran.

1355

Hari, pati ang kabayo bumabaon sa paglukso, at upang iwasan ito ibang daan ang tinungo.

1356

Lumigid pa nang malayo kaya laking paghapo, gayunpaman yaong tayo ng magkasi’y mabibigo.

1357

Sa bala nitong hari agwat nila’t kakaunti apat na legwas ay hindi layong di na mababali

1358

At natanaw itong habol ipo-ipong umuugong, at nang sila’y masusukol gumawa na ng pananggal.

1359

Inilaglag ng prinsesa isang kohe niyang dala, lupang tuyo’y ano baga’t naging dagat kapagdaka!

1360

Dagat na ang kalawaka’y di masukat ng pananaw, alo’t tubig nagsasayaw daluyong ay umuungal.

1361

Haring sadya na ang galit sa nakita’y napahindig, lumuhluha at sa hapis hininga ay mapapatid.

1362

Wala na siyang magawa pati lakas ay nawala, amang anak ang humiya ang anak ay sinusumpa.

1363

Itinaas na ang kamay at sa langit ang pananaw: “Diyos Makapangyarihan, ang bahala na po’y Ikaw.

1364

"Ikaw , anak na suwail,
nawa'y makaalala ka rin,,
sa ginawa mo sa akin
talaban ka ng dalangin.

1365

" Hingi ko sa panginooon
gumapang kang parang kuhol,
at sa haba ng panahon
matuto ka ring lumingon.

1366

"At sakaling sumapit ka
sa kahariang Berbanya,
nalimot ng iyong sinta
sa pagluha't pag-iisa.

1367

"Itakwil ka'y pabayaon
sa iba siya pakasal,
ito'y siyang kabayaran
sa gawa mong kataksilan."

1368

Hari, sa sama ng loob
hinimatay na sa himutok,
araw-gabi'y walang tulog
ang hininga'y nangangapos.

1369

Nagkasakit at naratay,
di nagluwat at namatay,
nabigo ang karunungan
agawin ang kanyang buhay.

1370

Bayaan sa pagluluksa
ang kahariang may luha,
lahat tayo'y may tadhanang
magbabalik din sa lupa.

1371

Ngayon ang ating sunda'y
ang sinapit ng nagtanan,
kung tumalab o masinsay
ang dalangin ng namatay.

1372

Kabataan , palibhasa,
pag-ibig ay batang-bata,
sa apoy ng bawat nasa'y
hinamak pati luha.

1373

Likas na sa kabataang
sa pag-ibig ay mamatay,
bawalan mo ay kaaway
pati ng mga magulang.

1374

Mga pusong sa pag-ibig
pinag-isa na ng dibdib,
halangan ng kahit lintik
liliparin din ang langit.

1375

At sa batang kaisipan
ang lahat na't pawing buhay,
sa masama'y pagbawalan
ang akala'y di mo mahal.

1376

Sadyang ganyan tayong tao
habang bata'y walang tuto,
laban-laban sa pagtungo't
laging taas yaong ulo.

1377

Lahat ito'y pumapanaw
pagsapit ng katandaan,
pagsisisi ay nariyan
sa nagawang kamusmusan.

1378

Dito natin matitimbang
kung tumpak o kamalian
ang nagawa ng nagtanan
sa pagtangi sa magulang.

1379

Matapos ang madlang dusa't
layuan ang kanyang ama,
sumapit din sa Berbanyang
sa sakuna'y ligtas sila.

1380

Sa atas ng karangalan
ng angka ng mga mahal,
minarapat ni Don Juang
sa nayon muna tumahan.

1381

Dito muna minarapat
ang prinsesa ay ilagak
samantala'y igagalak
ang marangal na pagtanggap.

ANG MULING PAGBABALIK SA BERBANYA

Saknong 1382-1428

1382

Kaya ba ani Don Juan
Sa prinsesang kanyang buhay,
"kita muna'y maiwan,
huwag sanang mamanglaw.

1383

"Ako ngayon ay haharap
sa ama kong nililiyag
upang kanyang matalastas
ang sa atin ay marapat.

1384

"Katungkulan ng palasyo
ang pagsalubong sa iyo,
ito naman ay dangal kong
masasabi ng ama mo."

1385

Pakli naman ng prinsesa:
"Bakit kaya ibig mo pang
magulang mo'y maabala
gayong ito'y labis na?"

1386

"Sa aki'y di kailangang
handugan pa ng parangal,
mayro'n nito o wala man
wala tayong kabaguhan."

1387

Kay Don Juan naming sagot:
"Tunay na nga, aking irog,
ngunit bigyan nating lugod
ang bayan kong nasa lungkot.

1388

"Alamin mong matagal nang
hinihintay ako nila
sa laong di pagkikita
ang nawala ay buhay pa.

1389

"Saka laking kababaan
ang di ko parangalan,
ang Berbanya'y malalagay
sa hamak na kalagayan.

1390

"Ano ang sasabihin
ng ama mo kung malining
siyang galit na sa atin
ang pagsumpa'y sapin-sapin?"

- 1391
 “Kaya giliw, mayag ka nang
 dito’y iwan muna kita,
 pangako ko at umasang
 mamaya ri’y kapiling ka.”
 1392
 “Kung gayon ay isang hiling,”
 ang kay Donya Mariang turing,
 “ipangako mo sa aking
 ito’y di mo lilimutin.
 1393
 “ Hinihingi ko sa iyong
 pagdating mo sa palasyo
 iwasan sanang totoo,
 sa babae’y makitungo.
 1394
 “ Maging sa ina mong tunay
 ang malapit ay iwasan,
 mabigat ito, Don Juan,
 ngunit siyang kailangan.
 1395
 “ Ang hiling ko pag nilabag
 asahan mong mawawakwak
 ang dangal ko’t yaring palad
 sa basahan matutulad.
 1396
 “O , Don Juan, aking kasi,
 alaala ko’y malaki:
 karaniwan sa lalaki
 ang mabihag ng babae.”
 1397
 “Iwalay sa alaala’t
 ako’y itangi sa iba,
 sa buhay ko ay sino pa
 kundi ikaw ang ligaya.
 1398
 “Limutin ka’y kataksilan
 magawa ko kaya iyan?
 O, buhay ng aking buhay,
 magsabi ang kamatayan.”
 1399
 Prinsipe ay humayo na
 sa palasyo’y mangyari pa,
 nang dumating anong sigla’t
 kaharian ay nagsaya.
 1400
 Ang lahat na’y nagdumugang
 sumalubong kay Don Juan,
 ama’t inang nabuhayan
 yakap na sa bunsong mahal.
- 1401
 Maging mga kapatid
 na malayo yaong dibdib
 pagkikita’y di man nais
 nagsaya rin at lumapit.
 1402
 Lalo itong si Leonorang
 pitong taong nagdurusa,
 nang marinig yaong sinta’y
 hinimatay na sa saya.
 1403
 Labas na sa kanyang silid
 katauha’y nagtatalik,
 ang pagdating ng pag-ibig
 paglaya sa madlang sakit.
 1404
 Lumapit na kay Don Juan
 at umupong kaagapay,
 nilimot ang kahihyan
 sa harap ng kapulungan.
 1405
 Ang ginawang iyon niya
 di kagaspangan aniya,
 pusong uhaw sa pagsinta
 ang hiya’y nalilimot na.
 1406
 Si Leonora’y may matwid
 gawin yaon kahit pangit
 ano nga’t ang kanyang dibdib
 ibibigay sa di ibig?
 1407
 Pitong taong nagbabata
 maligtasan lamang niya
 ang masaklap na pagsinta
 ni Don Pedrong palamara.
 1408
 At ngayong ang hinihintay
 narito na’y bakit naman
 iibigin pang tumagal
 ang kimkim na kahirapan?
 1409
 At noon na nagpahayag
 na ang luha’y nalalaglag,
 “Mahal na Hari’y patawad
 sa gawa kong hindi dapat.
 1410
 “Dinggin po ng kamahalan
 yaring munti kong hinakdal,
 kung mali o may katwiran,
 hatol ninyo’y igagalang.
- 1411
 “Pagkat naririto na nga
 ang puso ko po’y mutya,
 panata kong di sinira’y
 tapos na po alipala.
 1412
 “Hiningi sa kamahalan
 pitong taong pagbabanal,
 pag-iwas po na makasal
 sa hindi ko minamahal.
 1413
 “Ngayon ay ipagtatapat
 sa inyo po at sa lahat,
 sa puso ko’y ang may hawak
 si Don Juan, inyong anak.
 1414
 Dito ako pakakasal
 pagkat isang kataksilang
 hanggang langit isisigaw
 ang sumpa ko’y talikuran.
 1415
 “Si Don Jua’t dili iba
 ang sa akin ay kumuha
 sa balon ang palamara
 ay anak mo pong dalawa.
 1416
 “Hanggang dito, Haring mahal,
 yaring akin pong hinakdal,
 di ko ibig na masalang
 ang iba pang mga subyang.”
 1417
 Hari sa kanyang narinig
 matagal ding di umimik,
 ang hiwaga’y iniisip
 na tutop ang kanyang dibdib.
 1418
 Sampung mga kamahalang
 nakarinig sa hinakdal
 ay pawang nangatigilan
 sa gayong kababalaghan
 1419
 Nangapako ang paningin
 sa dalawang mga taksil,
 hindi nila akalaing’
 kapwa pala mayro’ng lihim.
 1420
 Kapwa hindi humuhuma
 halata ang hiya nila,
 noon lalong nakilalang
 may katwiran si Leonora.

1421
Nagpahayag itong hari
matapos mapaglimi:
“Leonora, sa iyong hingi
walang tutol yaring budhi.
1422
“Sinuman nga sa dalawa
ang piliy pakasal ka,
ikaw naman ay umasang
manugang ding mahal kita.
1423 “Pag-iisang dibdib
ninyo’y
gagawin sa linggong ito,
ganito ang pasya ko’t
nang matapos na ang gulo.

1424
“Samantalang naghihintay
ako sana’y pagtapatan,
ang pinutol na hinakdal
may malaking kahulugan.
1425
“Isang bagay na dapat kong
liwanagin kung totoo,
akong Haring ama ninyo
sa masama ay ayoko.
1426
“ Anak ko man ay suwail
ang marapat ay itakwill,
kasamaang pausbungin
sa bayan ay pagtataksil.”

1427
“Tunay nga po, Haring mahal,”
Kay Leonorang katugunan,
“ngunit ako’y pairugan
pagkaraos na ng kasal.”
1428
Anupa nga’t naayos din
ang pusong suliranin,
kasayahang nangulimlim
nagpatuloy nang maningning.

POOT NG NAUNSYAMING PAG-IBIG Saknong 1429-1573

1429
Sa palasyo’y anong saya
lahat doon ay masigla,
tiwala ang hari’t reynang
ang ulap ay naparam na.
1430
Hindi nila nababatid
na sa nayo’y may ligalig,
ito’y apoy na sasapit
sa palasyong nagtatalik.
1431
Natalos ni Donya Maria
sa tulong ng dunong niya
ang prinsipeng kanyang sinta
nakalimot nang talaga.
1432
Ang pangakong babalikan
nang araw ding magpaalam,
inabot ng tatlong araw
pangako’y bulang natunaw.
1433
Natalos ding sa palasyo
kasiyahan ay nagulo,
nang maayos naman ito’y
may kasalan na sa Linggo.
1434
Ikakasal ay di iba’t
si Don Jua’t sa Leonora,
ang higante handa na’t
gagawin ni Donya Maria.

1435
Ang taksil ay magbabayad
kataksila’y mauutas
pag ang tao’y laging duwag
kakaning-itik ang labas.
1436
Araw nga ng pagkakasal
dumating ang hinihintay,
sa prinsipeng katuwaa’t
sa prinsesa’y kapanglawan.
1437
Singsing niyang may mahika’y
hiningan ni Donya Maria,
isang sasakyang karosang
walang kapantay sa ganda.
1438
Saka isang kasuotang
sa emperatris na tunay,
dikit ay nakasisilaw
sa madlang nasa kasalan.
1439
Lahat ng kanyang hiniling
sa sandali ay dumating,
pati ibang gagamitin
ibinigay na ng singsing.
1440
Si Donya Maria’y nagbihis
gayak niyang emperatris
ganda sa matang tititig
serafin mandin sa langit.

1441
Sa karosa ay lumulan
naliligid ng utusan
sanghaya’y pagkakamalang
buwan sa lupa’y dumalaw.
1442
Karosa’t mga kabayong
maghahatid sa palasyo
sa malayo kung tingnan mo’y
yaong kay Venus de Milo.
1443
Labindalawang kabataan
ang kabayong nakasingkaw
tindig, ayos, laki, kulay
lahat ay iisang tunay.
1444
Mga kasamang Kutsero,
anim namang bagong-tao
sa hulihan naman nito
ay may anim na lakayo.
1445
Ang lakayo kung kasama
ang tungkulin sa tuwina
sa paglakad nitong reyna
kabayo’y ayusin nila.
1446
Kutsero’t maging kabayo
mga utusang palasyo,
kagayakan niyo’y ito
uri’t tabas ay pareho.

1447
Pagsungaw sa kaharian
nitong makikipagkasal,
nakapunang hari't bayan
paghanga'y walang kapantay.
1448
Kaya ani Don Fernando:
"Emperatris sa banta ko,
patugtugin ang musiko't
salubungin ang dadalo."
1449
Nakita ng kalahatan
ang koronang gintong lantay,
kasunod na mga abay
walang hindi kamahalan.
1450
Pagtapat na sa palasyo'y
sumigaw ang mga tao:
"Emperatris pong totoo,
sa kasalan ay dadalo."
1451
Sa gayo'y agad nag-atas
ang hari't reynang marilag
na ang madla'y lumalatag
at humanda sa pagtanggap.
1452
Pinigil muna ang kasal
sa dadalo'y alang-alang,
ugali ng kamahalang
panauhi'y parangalan.
1453
Sa palasyo ay lalo nang
nag-ibayo yaong sigla,
lumuklok si Donya Mariang
katabi ng bunying reyna.
1454
Dito na nga nagsalaysay
ang panauhing marangal:
"Naakit po yaring lagay
na dumalo sa kasalan.
1455
"Ngunit sawing-palad yata't
nahuli na yaring nasa,
yaring ako ang nilikhang
laging bigo sa pithaya.
1456
"Malaki pa namang mithing
sa ligaya'y makihati't
sa ngalan ng Reyna't Hari
kakasalin ay mabati."
1457
Samantalang binibigkas
ang ganitong pangungusap,
ang sa puso ay may sugat
kay Don Juan nakamalas.
1458
Dapwa't ito'y walang imik
nakangiting walang titig,
noon niya napag-isip
na limot na ang pag-ibig.
1459
Wari'y hindi kakilala't
anong labo niyang mata;
titignan ma't dilatan pa'y
walang kibo't bulag tila.
1460
O, pagsintang nakalimot
nabasag na parang bubog,
salaminin mo mang taos
larawan mo'y di-tumagos
1461
Dito'y di na nakatiis
si Donya Mariang may hapis,
di man kusa ay nasamid
nagtikom ng kanyang bibig.
1462
Sabay namang paliwanag
ng haring kanyang kaharap:
"Emperatris na marilag,
di pa huli iyang hangad.
1463
"Itong kasal ay pinigil
nang kayo'y matanaw namin,
kaya ngayon ay magturing
kung may ibig na sabihin.
1464
"Haring makapangyarihan,"
anang panauhin naman,
"mahalaga yaring pakay
sa pagdalo sa kasalan.
1465
"Marapatin kaya baga
ng bunying Hari at Reynang
isang laro'y ipakita
na handog ko sa kanila?
1466
"Isang larong pagkainam
na bagay po sa kasalan,
masaya't katutuwaan
ng ngayon po'y ikakasal."
1467
"Emperatris na marilag,
ipakita ang palabas,
harinawang makaragdag
sa kasayahan ng lahat."
1468
Sa gayon, itong prinsesa
sa upo ay umayos na,
sa d'yamanteng singsing niya'y
humingi ng kanyang pita.
1469
Isang prasko na may tubig
malaki at sakdal-dikit,
dito nama'y nakasilid
dalawang Itang maliit.
1470
Mag-asawa itong Ita
kaya Negrito't Negrita,
sa uling ay maitim pa't
malalaki yaong mata.
1471
Humingi rin ng musiko
isang banda'y anong gulo!
Tumugtog at dinig mo
wala namang mga tao.
1472
Negrita ay may suplinang
hawak na panghampas niya,
kung kumilos ay tila ba
isa siyang munting reyna.
1473
Sinimulan ang palabas.
ang musiko ay humudyat
ang Negrita ay umindak
ang Negrito ay lumibad.
1474
Tugtog ay walang
lubay
Sayaw ay walang patlang,
sa palasyo'y walang ingay
sa laki ng katuwaan.

1475

Tuwa't ganda ng palabas lalo pamanding tumingkad nang ihinto ang paglibad at dula na ang ihayag.

1476

Nagharap ang mga Ita matabang ang kilos nila, at sa madlang nakamata parang nagmamalaki pa.

1477

"Ako nga'y sagutin mo," anang Ita sa Negrito, "si Donya Maria ba'y sino't siya baga'y naririto?"

1478

"Aywan ko ba aking poon." sagot nitong tinatanong, "ni hindi ko matuturo kung saang bayan naroon.

1479

"Ako'y walang kakilala ni isa man lang prinsesa, ni isa man bagang donya na laman ng alaala."

1480

"Diyata ha, O Don Juan," ang ulit ng katanungan, ang prinsesang inyong mahal lubos mo nang nalimutan?

1481

"Ano't iyong malilimot si Donya Maria mong irog, di ba sumpa mong mataos ang magtaksil ay matapos?"

1482

"Hindi mo naalaalang siya'y lagi mong kasama, sa aliw man at sa dusa kasalo mo sa tuwina?"

1483

"Gunitain mo, Don Juan, ang lahat ng kahirapan ni Donya Maria mong hirang nang dahilsa iyo lamang.

1484

"Buhay niya'y itinaya sampung karangalan pa nga, kung hindi sa kanyang gawa, ang buhay mo ay nawala.

1485

"Noong ikaw ay utusan ng Hari niyang magulang di ba ang Prinsesang mahal ang sa hirap ay pumasan?"

1486

"Nang sa iyo'y ipatibag ang bundok na pagkataas, sino baga ang naghirap kundi ang Prinsesang dilag?"

1487

"Sa magdamag na paggawa ang trigo ay naipunla, tumubo't namungang pawa at nagapas ng madla.

1488

"Nang gabi ring yaon naman nagiling nang madalia't bago nagmadaling-araw ay naluto nang tinapay.

1489

"Kung limot mo nang talaga't sa gunita ay wala na, yaring hawak kong suplina ang magpapaalala."

1490

Ang Negrito'y binigwasan nang matindi sa katawan, datapwat ang nasakta'y ang prinsipeng si Don Juan.

1491

"Aray ko po!" yaong daing "sino'ng pumalo sa akin?" lumingap sa kanyang siping walang sinumang kapiling.

1492

Si Donya Maria'y nagsaysay, "Ulitin ninyo ang sayaw, ang musiko'y magtugtuga't nang makaaliw sa lumbay!"

1493

Ang Negrito ay Negrita sayaw ay lalong sumigla, kung umindak at tumawa nalulugod ang lahat na.

1494

Matapos ang isang ligid, ang prinsesa ay nagsulit: "Ang musiko'y itahimik ang ang dula ang ipalit."

1495

Negrita rin ang nagbukas ng salita sa kausap:

"Sasariwain ko ang lahat kung limot mo na sa hagap.

1496

"Ikaw yaong inutusan ni Haring Salermong mahal, hulihin sa karagatan ang Negritong pinawalan.

1497

"Labindalawa ngang lahat ang Negritong kanyang ingat, ngayon, sino ang naghirap nang hulihin na sa dagat?"

1498

"Hindi ba si Donya Maria at ikaw ay kasama pa, ang prasko ay hawak niya't ikaw naman yaong dala?"

1499

"Si Donya Maria rin naman ang sa praskoay naglagay, at siya rin namang tunay, ang sa Hari ay nagbigay."

1500

Ang Negrito ay sumagot: "Wala akong natatalos ni nang tinibag na bindok, ni ng dagat na inarok."

1501

Sa gayo'y muling pinalo itong Negritong palalo, Si Don Juang nakaupo sa sakit ay napatayo.

1502

Pinatugtog ang musikong Himig-himutok ng tao, nagsayaw na panibago ang Negrita at Negrito.

1503

May kalahati ring oras ang malungkot na naglibad, si Donya Maria'y nag-atas dula na ang marapat.

1504

"Diyata't di mo kilala?" "Huwag kang magbiro sana, sa iyo'y sinabi ko na, kayrami ng tanong mo pa!"

1505

"Kung gayon nga ay makinig,
bubuhayin ko sa isip
taong hindi naiidlip
gisingin mo'y di mapilit!

1506

"Kung limot mo'y, sariwa pa
sa akin ngang alaala,
ang hiniling ng monarkang
ang gumawa'y ang prinsesa.

1507

"Yaong bundok na mataas
na ligid ng isang dagat,
sa monarkang paghahangad
sa may palasyo'y nalipat.

1508

"Sa tapat ng durungawan
hiniling niyang malagay,
upang kung may alinsanga'y
hangin doon ay makamtan.

1509

"Kahilingan ay naganap,
pagkatapos ay hinangad
bundok ay muling mapatag
mapagitna na ng dagat.

1510

"Hininging maging tanggulan
matibay na kaharian,
may mga kanyon at kawal
sadyang handa sa digmaan.

1511

"Bukod dito'y mayroon pang
dapat mo ring maalala,
yaong singsing ng Monarkang
nawala't muling nakuha.

1512

"Sa paghanap nitong singsing
nang sa dagat ay sisirin,
di ba si Donya Maria rin
ang sa hirap ay napain?

1513

Ang singsing ng kanyang ama
sa dagat kaya nakuha,
ang katawan ng Prinsesa'y
tinadtad mong parang tapa.

1514

Mga lamang durog-durog
nang sa dagat ay ihulog
naging isang isdang bilog
at ang singsing ay napulot.

1515

"Makalawa mong tadtarin
bago nakita ang singsing,
alam mo ang naging dahil?
Natulog ka nang mahimbing.

1516

"Nang tadtaring pangalawa
napahamak ang Prinsesa,
dulo ng daliri niya'y
tumilapo't di makita.

1517

"Yaong kanang hintuturo
nanatiling di na buo,
at ngayong ang naging tubo'y
itakwil ng iyong puso.

1518

"Gunitain mo rin naman
ang kabayong walang galang,
nang sa iyo'y paturuan
bakit ka pa ba nabuhay?

1519

"Di ba ito ring prinsesa
ang nakligtas sa lahat na,
ngayon, ano at ganayan ka?
may ganang magpalaki pa?

1520

"Si Donya Maria'y nagtiis
ng lahat ng madlang sakit,
alang-alang sa pag-ibig
sa iyo, patay na dibdib.

1521

"Nang ikaw ay bigyang-pala
ng haring tila naawa,
kanino mo utang kaya
ang matamong gantimpala?

1522

Di ba ikaw ay tinawag
ng Haring magdalang habag
nang sa palasyo'y umakyat
ano ba ang kanyang antas?

1523

"Di ba wika niyong Haring
may laya ka nang mamili
ng biyayang hinihingi
na sa puso'y itatangi?

1524

"Pinamili ka na nga
sa tatlong anak na mutya,
sa pagpili, paano kayang
natiyak ang gantimpala?

1525

"Di ba sa pinid na silid
naroon ang tatlong dikit?,
Pagkat bawal ang sumilip,
diwa mo'y nag-ulik-ulik.

1526

"Ngunit iyong nagunita
ang daliring putol na nga,
kaya naman biglang-biglang
natiyak mo yaong mutya.

1527

"Natamo mo ang tagumpay
ang Hari'y iyong nalinlang,
ito'y kanino mo utang,
di ba sa Prinsesang Mahal?

1528

"Nang ikaw ay tanggapin nang
sa palasyo na magtira,
ang lumuhog sa Monarka,
hindi ba si Donya Maria?

1529

"Ano't kayo ay nagtana't
iniwan ang kaharian?
Sapagkat kanyang nalamang
Hari'y ibig kang mapatay!

1530

Nang kayo'y makaalis na
at habulin ng Monarka,
sino nga ang una-unang
sa kamataya'y sumugba?

1531

"Pagkat ikaw'y minamahal
ng Prinsesang itinanan,
nang kayo nga'y aabutan
ama niya'y kinalaban.

1532

"Upang kayo ay maligtas
sa parusang ilalapat,
daang dati'y aliwalas
naging pook na madawag.

1533

"Dawag na panay na tinik
na bakal at matutulis,
Hari'y naghirap umalis
kayo nama'y tumalilis.

1534

"Alam mong lahat na iyan?"
"Wala akong nalalaman."
Negrito'y binalataya't
ang prinsipang nasaktan.

- 1535
Si Don Jua'y napahindig
nang maramdaman ang sakit,
ang musiko'y nagprinig
ng masasaya ring tinig.
1536
Sayaw ngayon ay matagal
parang binibigyang puwang
mapawi ang kainipan
sa mahabang salitaan.
1537
Ang Negrito at Negrita
sa sayaw na ito nila,
kaylilindi't tumatawa
ang madla'y ginagayuma.
1538
Lilindi-linding katawan
sa tugtog ibinabagay,
kaya ba ang karamihan
natutukso ring magsayaw.
1539
Napuna ni Donya Mariang
ang palabas ma'y maganda,
si Don Juan ay lalo pang
wiling-wili kay Leonora.
1540
Kaya biglang iniutos:
"Itigil na ang pagtugtog,
hayo na Negritong irog
salitaan ang isunod.
1541
Ang simula ng Negrita:
"Naputol kong pagbabadya
ngayo'y durugtungan ko na
Don Juan, makinig sana.
1542
"Makaitlo ngang humabol
ang haring galit ay sukdol,
makaitlo naman lalong
sa hirap siya'y nabaon.
1543
"Una nga'y nang naging tinik
ang daang dati'y malinis,'
pangalawa'y nang tumakip
ang sabong bundok sa tarik,
1544
"Ang pangatlo'y siyang huli
nang ilaglag na ang kohe,
daang pagkabuti-buti,
naging dagat na malaki.
- 1545
"Dito'y wala nang nasapit
ang Hari kundi tumangis,
sa laki ng kanyang hapis
sa Diyos napatangkilik.
1546
"Noon niya isinumpa
ang anak na minumutya,
'Diyos ko; ang kanyang wika,
'kayo na po ang bahala.'
1547
Kayo nama'y nagpatuloy
yamang wala na ang habol,
sumapit sa isang nayon
ng Berbanyang inyong layon.
1548
"Nayong ito'y Ermepolis,
nayong pagkarikit-rikiti,
ikaw narin ang may nais
doon muna lumigpit.
1549
"Sa bahay ng isang pastol
kayo nama'y pinatuloy,
ang Prinsesa ay umayon
yamang ibig mo ang gayon.
1550
"Nang kayo ay naroon na
naisip mong tila бага
ang mabuti'y mauna kang
pakita sa iyong ama.
1551
"Naisip mong kailangang
ang Prinsesa'y parangalan,
mahala'y sa kahariang
tanggapin nang gayon lamang.
1552
"Ang Prinsesa ay tumutol
nang mabatid iyang layon,
matwid niya'y ang maugong
na dagat ay may daluyong.
1553
"Ang dugtong pang paliwanag,
'Bakit бага iyong hangad
kahariang mapanatag
bibigyan pa ng bagabag?
1554
"Sa mayroon at wala man
ng gagawin mong marangal,
wala tayong kabaguhang
sukat bagang maasahan.
- 1555
"Maaari namang tayong
magtuloy nang paganito,
ano pa't nanaisin mong
guluhin ang buong reyno?
1556
"Iyang mga pagdiriwang
may panaho't bagay-bagay,
ito'y di na karangalan
gawin sa munting dahilan!
1557
"Ngunit ikaw'y di umayon
ang balak mo'y itinuloy,'
sa pagmatwid na ang gayon
sa Prinsesa'y nauukol.
1558
"Noon ka nga nagpaalam
sa Prinsesang iyong mahal,
pangako mong sandali lang
inabot ng tatlong araw.
1559
"Nalimot na yaong biling
sa palasyo kung dumating,
ang lahat na'y kausapin
ang babae ay itakwil.
1560
"Mahigpit na paalalang
sa babae'y umiwas ka,
pagkat kapag nalapit na'y
malilimutan mo siya.
1561
"Sa iyo'y naipalining
ang ganitong salagimsim
nalimot lang na sabihing
bakit nasok sa damdamin.
1562
"Ang totoo'y makinig ka
nang iyong maalala,
sa galit ng kanyang ama'y
isinumpa ang Prinsesa.
1563
"Sa Diyos ay dumalangi't
isa sa kanyang hiniling,
anak niya ay limutin
ng Prinsipeng ginigiliw.
1564
"Ang Prinsipe ay pakasal
sa ibang Prinsesa naman,
anak niya ay gumapang
sa malaking kahirapan.

1565
 “Ito baga’y di na batid,
 wala na sa iyong isip?”
 Ang Negrito ay nagsulit:
 “Wala nga sa aking lirip!
 1566
 “Ako’y walang masasabi
 pilitin mo mang mabuti,
 sa tootoong ang sarili
 ay mangmang sa pangyayari.”
 1567
 Pumalo ay bumalatay
 sa kausap na bulaan,
 ang Prinsipe’y napaaray
 pagkat siya ang nasaktan.

1568
 Nasaktan man ay wala ri’t
 si Donya Maria’y di pansin,
 mata niyang may paggiliw
 kay Leonora nakatingin.
 1569
 Negrita’y muling nangusap
 pagalit na’t siyang wakas:
 “Yamang limot na ang lahat,
 ikaw ngayo’y mauutas!”
 1570
 Palabas ay natapos na
 bulang natunaw sa mata,
 ang Negrito’t Negrita
 nangawalang aywan nila.

1571
 Tanging naiwan sa hapag
 ang praskong balot ng pilak,
 lamang tubig sa pangmalas
 ay may lihim na kamandag.
 1572
 Yaong si Donya Mriang
 ang puso ay nagdurusa
 sa upo ay nagtindig na’t
 sa galit ay nagbabaga.
 1573
 Tinitigan si Don Juan,
 titig na makahulugan,
 nang hindi rin makaramdam
 ang prasko ay hinawakan.

ANG PAGWAWAKAS Saknong 1574-1712

1574
 Hawak ang prasko’t aniya,
 “Don Juan, diyata baga’t
 hindi mo nakikilala
 akong si Donya Maria?
 1575
 Yayamang gayon din lamang
 ako’y walang kabuluhan,
 magsisi ng kasalana’t
 ngayo’y ating katapusan!”
 1576
 Babasagin na ang prasko
 upang gunawin ang reyno,
 ang lahat na sa palasyo’y
 nagitlahanang totoo.
 1577
 Noon lamang nagliwanag
 kay Don Juan ang lumipas,
 nakilala at niyakap
 ang prinsesang kanyang liyag.
 1578
 Saka buong pagmamahal
 kay Donya Maria’y nagsaysay;
 “Ikaw nga , prinsesang hirang,
 ang sa nayon ay iniwan.
 1579
 “Ikaw nga at hindi iba
 ang tangi kong sinisinta,
 ang sa aking madlang dusa’y
 nakasalo sa tuwina.

1580
 “Ako ang may kasalanan
 sa dusa mo’t kalumbayan
 kung di kita nalimutan
 gulong ito’y naiwasan.
 1581
 “Akong tunay na may sala
 kung sa aki’y may galit pa,
 patawarin ako, sinta’t
 ulitin ko ay hindi na.”
 1582
 Humarap sa kapulungan
 at sa ama ay nagsaysay:
 “Amang makapangyarihan,
 dito ay pakakasal.”
 1583
 Sa nangyari, ang palaso’y
 dinalaw ng bagong gulo,
 si Leonorang nakatungo
 nagtaas ng kanyang ulo.
 1584
 “Haring makapangyarihan,
 sa amin ay tumatanglaw,
 dinggin ngayon ang hinakdal
 ng aba kong kapalaran.
 1585
 “Ngayon ko nga ihahayag,
 ang lahat ng aking hirap,
 pitong taon ngayong singkad
 ito’y aking ingat-ingat.

1586
 “Si Donya Juana at ako’y
 magkapatid na totoo,
 angkan nami’y maginoong
 naghari sa mga reyno.
 1587
 “Katutubo sa Armenyang
 bundukin man ay masaya,
 mga taong tumitira
 kabuhayan ay masigla.
 1588
 “Pagkat kami’y talinghaga
 na binuhay ng Bathala,
 tahanan ma’y nasa lupa
 tago sa mata ng madla.
 1589
 “Isang balong pagkalalim
 ang pinto ng bahay naming,
 pahugos na papasuki’t
 sa itaas manggagaling.
 1590
 “Hagdana’y walang baiting
 pagkat balong palas lamang,
 lubid yaong hahawaka’t
 pahulog sa kadiliman.
 1591
 “Kalaliman ay mahaba
 ang dilim ay mahiwaga,
 mahihindig sa pagbaba
 pag duwag ang magsasadya.

- 1592
 “Dito ako natagpuan
 ng Prinsipeng si Don Juan,
 sa kanyang pananambitan
 naging kanya yaring buhay.
 1593
 “Sa sumpa’y naging saksi
 ang magtaksil ay maputi,
 anuman nga ang mangyari
 sumpaa’y mananatili.
 1594
 “Minarapat ni Don Juan
 ang balon ay aming iwan,
 pag-iisa naming tunay
 sa Berbanya mapagtibay.
 1595
 “Sa tahanan naming balon
 bagi kami nakaahon,
 ang prinsipeng’y napasuong
 sa labanang malinggatong.
 1596
 “Ang serpyenteng may tangkilik
 sa ngayon ay nagsusulit,
 kinalabang buong higpit
 ni Don Juan aking ibig.
 1597
 “Serpyente’y may pitong ulo
 mabangis na walang tuto,
 bago nga napatay ito,
 ang prinsipeng ay nanlumo.
 1598
 “Hindi lamang serpyente
 ang hinarap ng prinsipeng
 kinalaban di’t naputi
 ang malupit na higante.
 1599
 “Higante ang may alaga
 sa kay Donya Juanang mutya,
 kundi Diyos ang nagpala
 si Don Juan ay nawala.
 1600
 “Nilisan namin ang balon,
 kaming tatlo ay umahon,
 nang paalis na sa burol
 bigla akong napaurong.
 1601
 “Ang singsing kong minamahal
 mana ko pa sa magulang,
 sa palasyo ay naiwan
 ang ibig ko’y pagbalikan.
- 1602
 “Nang mapuna yaring hapis
 ng Prinsipeng aking ibig,
 ayaw ko man ay nagpilit
 na siya na ang magbalik.
 1603
 “Nagpahugos na sa balong
 matapat sa kanyang layon,
 ngunit palad! Haring poon,
 si Don Juan’y naparool.
 1604
 “May sampung dipa po lamang
 ang naabot ng katawan;
 ang taling umaalalay
 pinatid na ng sukaban.
 1605
 “Sa mungkahi ni Don Pedro’t
 pagsang-ayon ni Don Diego,
 ang marangal na bunso nyo’y
 pinagtulongang nililo.
 1606
 “Sa lalim ng lalagpakan,
 ano ang kasasapitan,
 di ang siya ang mamatay
 at ang balon ang libingan.
 1607
 “Gaano ang aking luha
 at hinagpis sa ginawa!
 Yamang siya ay nawala
 kamatayan ko’y ninasa!
 1608
 “Ngunit aking naalalang
 baka siya ay buhay pa,
 ang Lobo kong dala-dala
 sa balo’y inihulog na.
 1609
 “Lobong ito’y isang galing
 engkantadong mabagsik din
 ang bilin ko’y pagyamanin
 Prinsipeng kong ginigiliw.
 1610
 “Pagkat di ko natitiyak
 kung buhay ang aking liyag,
 nanumbalik yaong hangad
 mautas din yaring palad.
 1611
 “Pagkat siya’y nasa balon
 doon din ako tatalon,
 ngunit ito naman buhong
 bigla akong dinaluhong.
- 1612
 “Kamay ko ay pinigilan
 at ang wikang nangangatal:
 ‘Aanhin mo si Don Juan,
 ako’y naririto naman?
 1613
 “Pabayaang wala na’t
 kayo’y aming isasama,
 at pagdating sa Berbanya
 gagawin ang kasal nita’.”
 1614
 “Kami na nga’y kinaladkad
 ng magkapatid na uslak,
 luha nami’t pakiusap
 tinugon ng mga dahas.
 1615
 “Ano po ang magagawa,
 mga babae’y mahina?
 Haring mahal ay maawa
 sa buhay kong kulang-pala.”
 1616
 Hari sa kanyang narinig
 ay napoot at nahapis,
 poot sa mga balawis
 hapis sa nagpakasakit.
 1617
 At noon di’y inilagda
 ang hatol na magagawa
 sa pangalan ng Bathala,
 ang nauna ay may pala!
 1618
 Nagtindig si Donya Maria
 na sa hari’y nakamata,
 parang tinatanong niya
 kung hatol ay tumpak na.
 1619
 Nagsalita-“Pasintabi
 sa tanang nangalilimpi,
 ngayo’y hiling ko sa haring
 dinggin akong sumandali.
 1620
 “Di ko ibig na puwingin
 ang hatol ng hari namin,
 lamang yaring sasaysayin
 ay baka magkapuwang din.”
 1621
 “Sabihin na kung anuman.”
 ang sa hari namang agaw,
 “Kung ikaw ang may katwira’y
 asahan ang katarungan.”

- 1622
 “Kaugnay po ng pahayag
 ng natapos na nangusap,
 hinggil din po sa pagliyag
 ni Don Juan, di man dapat.
 1623
 “Sa palabas na natapos
 kagaya ng inyong talos,
 napakingga’t napanood
 buhay naming magsing-irog.”
 1624
 Hari’y biglang napamata
 at ang dula’y naalala,
 sa anyo ay kitang-kita
 kalooba’y nabalisa.
 1625
 Sa sarili ay nawaring
 hatol ni’y tila mali,
 sakali mang mababawi,
 di magawa’t siya’y hari.
 1626
 Kaya’t nagwala nang kibo
 sa naayon niyang upo,
 nagkunwaring kinukuro
 ang tumpak at hindi wasto.
 1627
 Anyong hilo’y di nalingid
 sa prinsesang nakatitig
 kaya’t ito’y naghumindig
 sa tayo’t pagmamatuwid.
 1628
 “Itong dula ay hindi ko
 ginawang patotoo,
 at kung nasambit man dito’y
 bahagi ng pagkatalo.
 1629
 “Haring mahal ipatawad
 sabihin kung ito’y batas,
 kung minsan po’y nabubulag
 sa paghatol ng di-tumpak.
 1630
 “Naririto ang patibay
 sino бага si Don Juan?
 Siya’t ako sa langit ma’y
 pag-ibig na magkaugnay!
 1631
 “Sa usapin po ng puso
 hindi ngayon at nataho
 ang una at huling tagpo
 ang hatol ay di na liko!
 1632
 “Kung inyo pong titimbangin
 ang hirap ko’t hirap namin,
 gaano na ang nadating
 ng natapos na dumaing?
 1633
 “Sa narinig sa Negrita
 ngayo’y idurugtong ko pa,
 pangyaring aywan ko ba
 kung kayo’y di mabalisa.
 1634
 “Pinagsadya ni Don Juan
 ang amin pong kaharian,
 sa lakad ng kabuhaya’y
 wala silang kaalaman.
 1635
 “Ama ko po’y isang haring
 maibigay walang bali,
 ang utos man ay mamili,
 kahanggahan ay masawi.
 1636
 “Sa bagsik ng karunungan’y
 hamak na ang lalong mahal,
 bundok man nga’t katuwaan
 nasisiklot na kaligay.
 1637
 “Tatlo kaming magkapatid
 tatlong bunga ng pag-ibig
 mawalay nang kahit saglit
 subyang na sa kanyang dibdib.
 1638
 “Katutubo sa magulang
 na ang anak kapag mahal,
 ang ingat ay gayon lamang
 ni sa hangiy di pahipan.
 1639
 “May mapunang nanunuyo
 lubha’t laban pa sa puso,
 gumagawa na ng hibo’t
 ang anak ay itatago.
 1640
 “Sa dami na’t di mabilang
 na nanuyo’t nanilbihan,
 prinsipet maginoo man
 sa ama ko’y nangahalay.
 1641
 “Ngayong mga batong lahat
 sa palasyo nami’y hiyas,
 at kung walang mahahabag
 doon sila’y maaagnas.
 1642
 “Ito’y hindi kayabangan
 at tanungin si Don Juan,
 paano niya naligtasan
 ang bala ng kamatayan?
 1643
 “Makailang gawan siya
 ng lalang ng aking ama,
 sa isa lang ay tapos na
 ang pitong buhay man niya.
 1644
 “Hiningi sa inyong anak
 na ang bundok ay mapatag,
 maging bukid na malawak
 sa loob lang ng magdamag.
 1645
 “Sa magdamag na ito rin
 ang trigo ay patubuin,
 yumabong at pamungahin
 mahinog na at gapasin.
 1646
 “Gilingin at magalapong
 mamasa nang walang tapon,
 maisalang na sa pugon
 matinapay na malutong.
 1647
 “Tinapay nang ilalagay
 sa hapag ng Haring mahal,
 mainit pang magigisnan
 na pagkain sa agahan.
 1648
 “Sukat na isa itong
 iniutos ng ama ko,
 bayaan na yaong tatlo’t
 lubhang patatagal tayo.
 1649
 “Dito’y labis nang masukat
 ang hirap ko’t aming hirap,
 kung ang lihim ay nahayag
 kapwa kami napahamak.
 1650
 “Sa una at pangalawa
 akong lahat ang kumaya’t
 sa pangatlo’t pang-apat pa,
 kinalaban ko si Ama.
 1651
 “Ako nga po’y naging taksil
 at sa ama’y nagsuwail
 dahil lamang sa paggiliw
 kay Don Juang papatayin.

1652

“O, Pagsinta na ang lakas kalabanin ay kay hirap, pag ikaw na ang bumihag hahamakin na ang lahat!”

1653

“At nilingap si Don Juan na sa upo’y kaagapay, dito’y parang inaalam ang tunay na kalooban.

1654

Saka ang tapos na saad: “Nariyan po’t maliwanag ang hinakdal niring palad,” at naupong mapanatag.

1655

Hari’y sadyang natigilan sa narinig na salaysay, arsobispo ang hiningan ng tumpak na kahatulan.

1656

Arsobispo sa pagsunod ng sa Papang mg autos, ang hatol na isinagot kay Leonora’y nakalugod.

1657

“Utos ito ng simbahan at batas ng kalangitan, ang una’y may karapatan sap ag-ibig ni Don Juan.”

1658

Nagdamdandam si Donya Maria’t sa kawalan ng pag-asa, sa sarili’y nagbabagang ganito ang parirala:

1659

“O ngayon ko napagtanto batas ng tao ay liko: sa mali ay anong amo’t sa tumpak ay lumalayo!”

1660

Arsobispo’y binalingan at amg sabing malumanay: “O Diyos sa kalangitan, kami’y iyong liwanagan.

1661

“Marangal na Arsobispo,” ang pahayag naman dito, “sa puri kaya ng tao ang katimbang po ay ano?”

1662

“Ngayong wala ka nang daan, si Leonorang ang katipang tinatanggap ng simbaha’t sa prinsipe ikakasal.”

1663

Pinagdimlan ang prinsesa’t sa galit na nagbabaga nawala ang awa niya’t ang higanti’y ginawa na.

1664

Ang tubig sa kanyang prasko’y ibinuhos sa palasyo, bumuha sa buong reyno’t nasindak ang mga tao.

1665

Nang ang madla ay hindi na maliligtas sa parusa, nakiusap kapagdaka si Don Juan sa prinsesa.

1666

“Maglubag na, aking giliw, sag alit mong kinikimkim, kahit ano ang marating ako’y iyo’t ika’y akin.”

1667

Arsobispo ay hinarap at ganito ang pahayag: “O, Pontisiping mataas, kay Donya Maria’y mahabag.

1668

“Ngayon ko po bubuksan ang laman ng kalooban, si Donya Maria ang tunay sa puso ko’y minamahal.

1669

“Kung tunay mang si Leonora’y nahandugan ng pagsinta, ngunit di ko mababatang kay Don Pedro’y malayo na.

1670

“Tunay kaming magkapatid ang mangatlo’y lubhang pangit, lalo pa nga’t sa pag-ibig hindi dapat magkagalit.

1671

“Maging siya ay makasal kay Leonora’y karangan, si Leonora’y isang banal marapat sa pagmamahal.

1672

“Kapwa kami may tungkulin ang magulang ay susundin, lalong kayungkulan naming kaharia’y patatagin.

1673

“Nasa aming mga anak ang sa baya’y ilalakas, isang bayang may bagabag kabuhaya’y walang tiyak.

1674

“Leonora, iyong abutin ang singsing mong nasa akin, salamat ko’y sapin-sapi’t ako’y iyong binuhay rin.

1675

“Arsobispo’t Amang mahal, sa ngalan ng katarungan, kami ngayon ay ikasal ni Donya Mariang hirang.”

1676

Hari’y agad na nagpasayang si Don Pedro’t si Leonora pag-isahing kasabay na ni Don Jua’t Donya Maria.

1677

Sa pasiyang inilagda, si Donya Maria’y natuwa, Si Leonora nama’y walang naging tutol ni bahagya.

1678

Sukat ang naipahayag sa haring nagbigay-wakas, na kung iyon ang marapat yuko siya sa pagtupad.

1679

Hari nama’y buong giliw wika sa mamanugangin: “Manalig ka na sa aki’y anak kitang mamahalin.”

1680

Isinabay na rin dito ang hangad ni Don Fernando na ang korona at setro’y isalin sa haring bago.

1681

Yari na sa kaloobang bunsong anak ang salinan, yamang siyang minamahal at marapat pamanahan.

1682
Datapwat si Donya Maria
ay nagkusang magpauna
na nagsabing bayaan nang
si Don Pedro ang magmana.
1683
"May sarili si Don Juan,"
anya sa kanyang biyenan,
"kami po ay hinihintay
sa kay amang kaharian."
1684
Pinutungan si Don Pedro't
nagputong ay arsobispo,
ibinigay pati setro
at naghari na sa reyno.
1685
At sa ulo ni Leonora
ipinutong ang dyadema
siya na ang bagong reyna
sa kahariang Berbanya.
1686
Matapos ang kasayahan,
Si Donya Maria't Don Juan
nagbalik sa kahariang
pugad nila ng suyuan.
1687
Nagpaalam sa Berbanyang
ipinagbunyi sila,
nang sumapit sa kanila
nagbubunyi't anong sigla!
1688
Para bagang sa digmaan
ay bayaning nanagumpay,
bayang kanyang tinangkakal
sa paghanga'y nagdiriwang.
1689
Sa pag-uwi ng dalawa'y
may dapat na ipagtaka,
layong yaong di-mataya
sa isang oras nakuha.
1690
Dinatnan ang kaharia'y
nasa ibang mga kamay,
ang kapatid at magulang
ay wala na't nagsipanaw.
1691
Gayunpama'y walang gulo't
mapayapa rin ang reyno,
ang tauhan sa palasyo
ay wala ring pagtatalo.

1692
Ang lahat na'y kumilala
sa nagbalik na prinsesa,
kung ang hari'y yumao na,
sila naman ay may reyna.
1693
Pamumuno kung tunay mang
mahigpit na kailangan,
inuna ri't minainam
nagdurusa'y nabihisan.
1694
Yaong mga naengkanto
sa parusa ng yumao
sa pagiging mga bato'y
binuhay na't naging tao.
1695
Sa natamong kalayaan,
kayrami ng nahirapan,
sa parusang magsigapang
na tigre't leon sa parang.
1696
Pagkatapos ay gumawa
ng pistang kahanga-hanga,
pagluwalhati sa Bathala't
parangal sa nagsilaya.
1697
Inilakap na rin naman
ang dalanging karampatan
sa yumaong mga mahal
na kapatid at magulang.
1698
At naghandog ang prinsesa
ng piging na pangmadla na,
sa hangad na makasama
ang bayan sa galak niya.
1699
Nang kasalo na ang lahat
maginoo't mga hamak,
saka siyang nagpahayag
ng yari nang mga atas.
1700
Ngayo'y ating puputungan
ng korona si Don Juang
karugtong ng aking buhay
at hari ng kaharian."
1701
Pinutungannng korona't
si Don Juan ay hari na,
at sa ulo ng prinsesa'y
marikit na dyadema.

1702
"Biba!" anang kaharian,
"Biba!" tugon niyong bayan.
"Hari nati'ymagtagumpay!"
Reyna natin ay mabuhay!"
1703
Siyam na araw ang pista,
araw-gabi ang musika,
walang taong di nagsaya't
nalimot ang madlang dusa.
1704
Sa kamay ng bagong hari,
kaayusa'y namalagi
sinusunod niyang tangi
ang lahat ay walang hindi.
1705
Kaharia'y napatanyag
sa buti ng pamalakad,
kabuhayan ay umunlad
walang taong naghihirap.
1706
Maging yaong pagsasama
nitong hari at ng reyna,
halimbawang pagkaganda
sa buhay ng mag-asawa.
1707
Sinikap na ang tahana'y
maging pugad ng mahalalan,
palagi nang magkaramay
sa ligaya't kalungkutan.
1708
Ano man ang babalakin
mahinay na lilimiin,
kung sa isa'y di magaling
isa'y sunod nang taimtim.
1709
Ano pa nga't bawat hakbang
daraan sa kasunduan,
kaya iiwas ang alita't
tiwasay ang pamu muhay.
1710
Mga halimbawang ito'y
namana ng mga tao,
kaya sila nang yumao,
nagluksa ang mga reyno.
1711
Malaon nang nagsipanaw
buhay rin sa kaharian,
bayan nilang nagmamahal
tuwina'y mayroong dasal.

1712

Ito na ang siyang wakas
ng Korido kong sinulat
sa kataga kung may linsad
ang hingi ko ay patawad.

III. SANGGUNIAN

Batayang Aklat sa Ibong Adarna

IV. MGA GAWAIN

PAGSULAT NG ISKRIP NG DULANG PANTANGHALAN

Isa sa pinakamahalagang sangkap ng dula ay ang **iskrip**. Ito ang nakasulat na bersiyon ng mga salitang dapat sabihin o batayan sa pagganap ng mga aktor sa dula. Ginagamit ito sa produksiyon ng programa. Mahalaga ang iskrip dahil ito ang gabay ng mga tagaganap o aktor, ng direktor, ng tagaayos ng musika, ng editor, at maging ng technician.

Sa mga nakaraang aralin ay napag-aralan mo ang mahahalagang elemento ng isang salaysay. Sa pagsulat ng iskrip ay mahalagang isinasaalang-alang ang mga bagay na ito. Kailangang maging malinaw ang plot o banghay, tauhan, tagpuan, at ang mahahalagang kaisipang hatid nito sa mga manonood. Yamang maliwanag na sa iyo ang kahulugan ng mga elementong ito ay dapat mo namang alamin ang tatlong bahagi ng pagsulat ng iskrip. Ito ay ang *pre-writing*, *writing*, at *rewriting stage*.

Ayon kay Ricky Lee sa kaniyang aklat na *Trip to Quiapo: Scriptwriting Manual*, ang **prewriting stage** ay ang bahagi ng pag-iisip at pagpapalano. Dito binubuo ang konsepto ng kuwento, sino ang mga tauhang gaganap kabilang ang bida at kontrabida, saang lugar o tagpuan gagawin, at anong banghay ang gagamitin. Pasok din sa bahaging ito kung ano ang paksa ng iskrip. Ito ba ay nakatatawa, nakaiiyak, o melodrama? Gayundin, tinitingnan na rito kung malinaw, kawili-wili, at makatotohanan ba ang kuwentong bubuoin.

Pagkatapos ng *prewriting stage* ay maaari nang magsimulang sumulat. Ito na ang tinawag na **writing stage**. Sa simula ng pagsulat ng iskrip ayon kay Ricky Lee ay makabubuting sumulat muna ng *sentence outline*. Ang *sentence outline* ay isang de-numerong pagkasusunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento. Hindi mga deskripsiyon, hindi mga iniisip ng tauhan, kundi ang eksena.

Halimbawa ng *sentence outline*:

Nasa nayon si Maria Blanca at nalaman niya sa pamamagitan ng kaniyang mahiwagang singsing ang nalalapit na pag-iisang dibdib nina Don Juan at Donya Leonora.

1. Humiling si Donya Maria sa kaniyang mahiwagang singsing ng isang magandang karosa at kasuotang pang-emperatris.
 2. Umalis si Donya Maria Blanca sakay ng magandang karwahe.
- Kapag nagawa na ang *sentence outline* ay repasuhin ito at pinuhin.

Sa bahaging ito ay maaari nang buoin ang iskrip kasama ang tauhang magsasalita, mga props, eksena, at iba pa.

Halimbawa ng iskrip: (Unang Bahagi ng Poot ng Naunsiyaming Pag-ibig (saknong 1429-1442)

Tauhan:

- Donya Maria, makapangyarihan, matalino, at magandang prinsesa

Taagpuan:

- Panahon: umaga, maliwanag ngunit maup
- Tagpuan: sa nayon, kung saan iniwan ni Don Juan si Donya Maria

(Pagkahawi ng tabing o sa pagliliwanag ng tanghalan ay makikita ng madla si Donya Maria suot ang isang magandang damit habang malungkot na nakatingin sa kaniyang singsing. Maraming mga puno sa kaniyang paligid at ipakita ang isang munting tahanang yari sa bato sa kaniyang likuran.)

DONYA MARIA: Don Juan, ako'y talagang iyo nang nalimot. Paano na ang iyong mahal na prinsesa kung ikaw ay magpapakasal kay Donya Leonora?

(Mamasdan ang singsing at hihiling sa kaniyang singsing na tila naiiyak pa.)

DONYA MARIA: Mahiwagang singsing, ako'y bigyan ng isang magandang karosa...

(Lalabas ang karosa. My labindalawang kabayo at labindalawang kabataang lalaking maganda ang tindig na nakatayo sa tabi ng karosa.)

Kapag natapos na ang pagsusulat ay muling basahin ang nabuong iskrip. Ipabasa sa ibang tao at ipakritik sa lalo pang ikagaganda ng iskrip. Kapag sa iyong palagay ay napino na ang iskrip ay isulat itong muli upang maging malinaw at madali itong maitanghal. Tandaang sa pagsulat ng iskrip ay mahalagang isaalang-alang ang mga natutuhan sa gramatika at retorika. Ito ay mahalaga upang higit na maging mabisa, makatotohanan at malinaw ang pagbuo ng iskrip; at maiwasan ang maling interpretasyon o di pagkakaunawaan bunga ng maling gamit ng mga salita o pahayag.

GAWAIN 1

Panuto: Kumpletuhin ang sumusunod na mga pahayag. Piliin sa loob ng kahon ang titik ng tamang sagot.

A. Prewriting Stage	C. Dula	E. Writing Stage	G. Tauhan
B. Iskrip	D. Sentence Outline	F. Rewriting Stage	

1. Mahalaga ang _____ dahil ito ang gabay ng mga tagaganap o aktor, ng direktor, ng tagaayos ng musika, ng editor, at maging ng technician.
2. Ang _____ ay isang de-numerong pagkasusunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento. Hindi mga deskripsiyon, hindi mga iniisip ng tauhan, kundi ang eksena.
3. Ang _____ ay ang bahagi ng pag-iisip at pagpapalano. Dito binubuo ang konsepto ng kuwento, sino ang mga tauhang gaganap kabilang ang bida at kontrabida.
4. Pagkatapos ng *prewriting stage* ay maaari nang magsimulang sumulat. Ito na ang tinawag na _____.

5. Sa pagsulat ng iskrip ay kailangang maging malinaw ang plot o banghay _____ tagpuan, at ang mahahalagang kaisipang hatid nito sa mga manonood.

GAWAIN 2

Panuto: Sumulat ng isang iskrip mula sa bahagi ng “**Ang Pagtakas nina Don Juan at Donya Maria Blanca**- Saknong 1286-1381”. Isulat ito gamit ang wastong mga salita at simbolo sa pagsulat ng iskrip. Ang pamantayan ay makikita sa ibaba.

Mga Pamantayan	Napakahusay 5	Mahusay 4	Katamtamang Husay 3	Hindi Gaanong Mahusay 2	Nangangailangan pa ng Pagpapahusay 1	Kabuuan
a. Pagkamalikhain						
b. Orihinalidad						
c. Kaayusan ng paglalahad ng kaisipan/ idea						
d. Wastong pagkakagamit ng wika						

GAWAIN 3

Panuto: Bumuo ng sariling bersiyon ng iskrip ng piling bahagi ng Ibong Adarna gamit ang kaisahan at pagkakaugnay ng mga salita at pangungusap.

GOAL	Makagawa/ makasulat ng sariling bersiyon ng iskrip na bahagi ng Akda (Ibong Adarna) gamit ang angkop na mga salita at simbolo.
ROLE	Ikaw ay bahagi ng grupo/ lupon ng mga manunulat.
AUDIENCE	Mga kapwa manunulat, guro, mag-aaral
SITUATION	Naglunsad ng patimpalak ang iyong paaralan sa pagsulat ng iskrip kung saan kayo ay naatasang magbigay/ gumawa ng sariling bersiyon o bigyan ng orihinal na pagbabago sa tagpo ang isang akda (Ibong Adarna) na may kasunod na katanungang, Alin sa mga iyon ang babaguhin mo at bakit?
PRODUCT	Isang Orihinal at masining na bersiyon ng iskrip ng piling tagpo ng akda (Ibong Adarna)
STANDARD	Pagkamalikhain > 3 Orihinalidad > 3 Nilalaman at Husay sa Pagkakasulat > 4 Kabuoang Puntos > 10

V. REPLEKSIYON

Natutuhan ko na mahalagang patuloy na basahin, pag-aralan, at matuto mula sa akdang ito dahil

IV. SUSI SA PAGWAWASTO:

GAWAIN 1					
1. B					
2. D					
3. A					
4. E					
5. G					
GAWAIN 2					
Ang wastong sagot ay nakabatay sa isusulat na iskrip					
ng mag-aaral at ang pagbibigay ng puntos ay nakabatay sa inihandang pamantayan.					
GAWAIN 3					
Ang wastong sagot ay nakabatay sa produktong gawa ng mag-aaral at ang pagbibigay ng puntos ay nakabatay sa inihandang pamantayan.					